**Magagamit na Mga Paglilingkod Ukol sa Tulong na Pangwikain — Sangay sa Mga Karapatang Sibil**

Ang Sangay sa Mga Karapatang Sibil ay nagsusumikap na pagkalooban ng tumpak at mabisang pakikipag-usap sa mga kasapi ng madla, kahit na ano pa man ang kanilang kapatagan ng kahusayan sa Ingles. Patakaran ng Sangay na gumawa ng mga makatwirang hakbang upang mapanaigan ang mga hadlang sa wika sa mga palatuntunan ng Sangay o mga gawain, na walang gastos sa taong may-takdang kahusayan sa Ingles (LEP).

Mangyari lamang na ipaalam sa amin kung kayo ay nababagabag na umintindi ng Ingles or nangangailangan ng tulong na makipag-usap sa Sangay sa Mga Karapatang Sibil. Magtanong ng tagapagsalin o kung mayroong kasulatang nakasalin na magagamit kapag nakipag-ugnay kayo sa amin. Kung maaari ninyong gawin, pakisabi sa amin ang inyong wika (o diyalekto).

Para sa karagdagang kabatiran tungkol sa kung paano binabalak ng Sangay sa Mga Karapatang Sibil na mapanaigan ang mga hadlang sa wika at tumupad sa Executive Order 13166, tingnan ang Balak ng Sangay sa Mga Karapatang Sibil ukol sa Pangwikaing Kaparaanan (*Civil Rights Division Language Access Plan*) o Balak ng Kagawaran ng Hustisya ukol sa Pangwikaing Kaparaanan (*Department of Justice Language Access Plan)* (Ang mga balak ay magagamit lamang sa Ingles). Malugod naming tatanggapin ang komentaryo ng madla at mga pagmumungkahi na makakatulong sa amin na mapanaigan ang mga hadlang sa wika. Kung nais ninyong pagkalooban kami ng katugunan sa Balak ng Sangay sa Mga Karapatang Sibil ukol sa Pangwikaing Kaparaanan o sa Pangkagawarang Balak ukol sa Pangwikaing Kaparaanan, mangyaring magpadala sa amin ng *email* sa DOJLAWG@usdoj.gov. Ang katugunan ay makakatulong sa amin sa pagtatatag ng mas mahusay na mga protokol at mga paraan habang patuloy naming ipinapatupad ang Pangkagawarang Balak ukol sa Pangwikaing Kaparaanan.